# Eksibisyon ng "Information Fujimino"

## "Information Fujimino" pampleto na nagsasaad ng sari't saring impormasyon sa iba't ibang wika ay nasa ika-260 isyu na!

Ang mga cover ng pampleto mula sa ika-unang isyu hanggang ika-260 ay ilalahad.





May 26 taon nang lumipas mula nang itinatag ang Fujimino Int'l Cultural Exchange Center (FICEC) noong July 1997. Sa loob ng 26 na taon, ang FICEC ay patuloy ang pagsasagawa ng mga aktibidad para sa mga dayuhan upang maging kaaya-aya ang kanilang paninirahan kasama ng mga mamamayang hapon sa ating komunidad. Ang FICEC ay nagbibigay ng konsultasyon at pagpapayo sa mga dayuhan, klase para sa nihongo, mga ebento upang magkaroon ng komunikasyon ang mga hapon at mga dayuhan, international children's club, paglathala ng pampleto "Information Fujimino" na nagbibigay ng mga impormasyon para masuportahan ang mga dayuhan sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay dito sa Japan at iba pa. Ang unang isyu na nailathala ay ang "Gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay" at "Listahan ng mga Nihonggo Classes sa 2 syudad at 2 bayan" na may illustrations at mapa ng lugar. Sinundan ito ng paglathala ng sumunod ng mga isyu, "Pamaraan sa pag -aply sa extension of period of stay", "Mga pagamutan na bukas sa araw ng holiday", "Pamaraan ng tamang pagtapon ng basura" at iba pa.

Sa Nobyembre, magkakaroon ng pagtatanghal ng eksibisyon ng mga pagkawanggawa ng FICEC sa pamamagitan ng paglalahad ng "Information Fujimino". Lahat ng nailathalang mga isyu sa loob ng 26 taon ng pagsuporta sa mga dayuhan sa pang-araw-araw na pamumuhay, pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residente at iba pang pang-internasyonal na ebento. Inaanyayahan namin kayo na dumalo!

Orihinal na cover art mula ika-166 hanggang 259 na isyu ay ide-display.






| | | |
|---|---|---|
| ■Kailan | Nobyembre 3（Biernes, holiday） | 10:00～19:00 |
| | Nobyembre 4（Sabado） | 10:00～19:00 |
| | Nobyembre 5（Linggo） | 10:00～14:00 |
| ■Saan | Fujimino Service Center Multipurpose Hall（2F, 1-2-7 Kasumigaoka, Fujimino-shi） | |
| ■Libre ang pagpasok | Walang bayad | |

## Pagpapayo

**Konsultasyon at Papapayo**
**Lunes ~ Biernes: 10:00～16:00**



**Ako ay Nepalese at pinapunta ko dito sa Japan ang aking 9 na taong gulang na anak. Balak ko syang ipasok sa elementary school dito sa Japan. Paano ang pamamaraan ng pagpasok? Hindi rin sya nakakaintindi ng Nihongo. Mayroon bang programang nagbibigay ng suporta sa kagaya nya upang matututo ng Nihongo?**

Una, pumunta kayo sa munisipyo para ma-i-rehistro ang iyong anak. Pagkatapos ay makipag-ugnayan kayo sa local board of education para malaman kung saang eskuwelahan papasok, anong grade isasama, at kung kailan ang unang pagpasok sa eskuwela. At para sa dagdag na pag-aaral ng wikang Nihongo, may ilang mga paaralan na nagbibigay ng suporta depende sa munisipyo, humingi lamang ng pagpapayo sa punong-guro.
Sa Fujimino Int'l Cultural Exchange Center (FICEC) ay nagbibigay ng suporta sa mga batang galing sa ibang bansa para sila ay matuto ng Nihongo tuwing Sabado mula 10.00 am. Sa ibang bayan ng Saitama Prefecture ay may mga katulad na organisasyon na nagbibigay ng suporta. I-search lamang sa Internet.

## Café FICEC

### Sumali kami sa Coop Mirai Plaza Festival sa Fujimi!

Ang "Only English café" ay isang internasyonal na ebento tuwing ika-unang Linggo ng buwan sa FICEC. Noong Hulyo ay isinagawa ito nang magkaroon ng Coop Mirai Plaza Festival sa Fujimi sa Coop Mirai Plaza malapit sa Mizuhodai Station.





Nitong huli ay nagkaroon ng grupo para sa matanda at grupo para sa mga bata. Ang dumalong 63 katao ay nagkasiyahan sa pakikipag-usap sa Ingles at paglalaro ng English playing cards ng mga bata.
Inaanyayahan ang sinuman na nais makipag-ugnayan gamit ang wikang Ingles sa "Only English café" maging di man kayo gaanong bihasa sa wikang Ingles.

### Magbubukas ang aplikasyon para sa Saitama Prefectural Housing

Ang pagtanggap ng aplikasyon para sa prefectural housing ay isinasagawa 4 na beses sa isang taon. Ang susunod na pag-aply ay sa Oktubre 1 (Linggo). May mga karampatang requirements na dapat matupad para matanggap. Para sa detalye: https://www.saijk.or.jp/lookingfor/kenei/apply/
Makukuha ang porma ng aplikasyon sa City Hall.



### Kamifukuoka Nishi Community Center Festival



**Setyembre 10**
(Linggo)
10：00～14：00
Maglaro tayo ng pinball at tumanggap ng pa-premyo!
Mayroon ding bazaar kaya halina at makisaya tayo!